

Kasunduan tungkol sa pagbayad ng sahod sa account ng fund transfer service provider

(Pangalan ng maypagawa o employer) ginoo/ginang _____

Kinumpirma ko (pangalan ng manggagawa) ang nilalaman ng sumusunod tungkol sa pagbayad ng sahod sa account ng fund transfer service provider:

Mula sa employer, nakatanggap ako ng iba pang option sa pagbayad ng sahod, tulad ng paggamit ng savings account (bank account, at iba pa) o general securities account, bukod sa pagbayad nito sa account (na mula dito ay tatawaging "itinakdang account ng fund transfer service provider") ng isang fund transfer provider (na mula dito ay tatawaging "itinakdang fund transfer service provider") na itinakda ng Minister of Health, Labour & Welfare.

Nakatanggap ako ang pagpapaliwanag ukol sa mga bagay na dapat bigyan ng pansin sa likurang bahagi mula sa employer o sa itinakdang fund transfer service provider na itinakda ng employer, at nakumpirma ko ang nilalaman nito.

Isinasagawa ko (pangalan ng manggagawa) ang sumusunod na pagpili ukol sa pagbayad ng sahod sa account ng fund transfer service provider.

Pagkatapos kumpirmahin ang sumusunod na mga bagay, sumasang-ayon ako (pangalan ng manggagawa) sa pagbayad ng sahod sa itinakdang fund transfer service provider, at gawin ang sumusunod sa pangangasiwa nito.

Ako (pangalan ng manggagawa) ay hindi sumasang-ayon sa pagbayad ng sahod sa account ng fund transfer service provider. (Kapag pinili ito, hindi na kailangang sulatan ang sumusunod na mga detalye)

Detalye

1. Ang lawak o saklaw ng sahod at halaga na nais gawan ng fund transfer sa account ng itinakdang fund transfer service provider:

*Ang maximum na halaga ng pondo na maaaring tanggapin sa account ng itinakdang fund transfer service provider ay 1,000,000 yen o pababa. Kinakailangang itakda ang lawak ng sahod at halaga na nais gawan ng fund transfer pagkatapos kumpirmahin ang mga bagay na dapat bigyan ng pansin sa likurang bahagi ng "2. Pondo sa account ng fund transfer service provider".

- a. Regular na sahod: Yen
b. Bonus: Yen
c. Severance pay: Yen

2. Pangalan ng itinakdang fund transfer service provider na itinakda ng manggagawa, pangalan ng serbisyo, numero ng account (account ID), at pangalan ng may-ari ng account (iba pang impormasyong kinakailangan sa pagtukoy o pagkumpirma sa account, kung mayroon man)

Pangalan ng itinakdang fund transfer service provider:

Pangalan ng serbisyo ng fund transfer service:

Numero ng account (account ID):

May-ari ng account:

(kung kinakailangan, iba pang impormasyon para sa pagtukoy o pagkumpirma sa account (halimbawa: numero ng telepono ng manggagawa, at iba pa))

3. Petsa kung kailan nais umpisahan ang pagbayad sa account ng fund transfer service provider:

Taon / Buwan / Araw

4. Pangalan ng sangay na tanggapan ng financial institution na itinakda bilang pamalit o alternatibong account, uri ng deposito o savings, at ang numero ng account, o ang pangalan ng sangay na tanggapan ng itinakdang securities company, numero ng account ng general securities account, pangalan ng may-ari ng account

*Ang account na ito ay inaasahang gagamitin sa kaso na kung saan ang manggagawa ay tatanggap ng salaping katumbas ng labis kapag ang maximum amount na tinanggap sa account ng itinakdang fund transfer service provider ay lumampas, o di kaya'y sa kaso na kung saan ang manggagawa ay tumanggap ng reimbursement mula sa isang guarantee institution sa kasong mabangkarota ang itinakdang fund transfer service provider.

Pangalan ng sangay na tanggapan ng financial institution o sangay na tanggapan ng securities company

Numero ng account:

May-ari ng account:

Taon / Buwan / Araw

Pangalan:

Mga bagay na dapat bigyan ng pansin tungkol sa pagbayad ng sahod sa account ng fund transfer service provider

Ang fund transfer service provider, na naiiba sa bangko at iba pang financial institution, ay nagsasagawa ng mga transaksyon sa currency exchange trading bilang kalakal at rehistrado ng Prime Minister (na delegado sa Direktor ng Bureau of Finance) sang-ayon sa Payment Services Act (Act No. 59- ng taong 2009, na mula dito ay tatawaging "Fund Settlement Act").

[1. Pagsang-ayon ng manggagawa]

Kailangang ipaliwanag ng employer o itinakdang fund transfer service provider na inatasan ng employer ang sumusunod na mga bagay sa manggagawa. Bukod pa rito, kapag isasagawa ang pagbayad ng sahod sa account ng fund transfer service provider, kailangang ipahayag ng employer sa manggagawa ang option sa paggamit ng savings account (bank account) o di kaya'y pagbayad ng sahod sa general securities account, bukod sa pagbayad ng cash o pagbayad sa account ng fund transfer service provider bilang mga payment options na maaaring pagpilian. Kung sakaling dalawang options lamang ang ipinahayag ng employer sa manggagawa para pagpilian, tulad ng cash o pagbayad sa account ng fund transfer service provider, o bagama't pormal na ipinahayag ng employer ang iba pang mga payment options kahit na sapilitang ipinapagawa nito ang pagbayad ng sahod sa account ng fund transfer service provider, maaaring ipataw ang multa sa employer sanhi ng paglabag sa Artikulo 24 ng Labor Standards Act (Act No. 49 ng taong 1947).

[2. Pondo sa account ng fund transfer service provider]

Ang pondo sa account ng fund transfer service provider ay ginagamit sa paggawa ng transaksyon sa currency exchange trading (remittance, settlements, at iba pa), na naiiba sa "deposito" sa savings account. Kung gagamitin ng manggagawa ang pagbayad ng sahod sa account ng fund transfer service provider, ang halaga ng sahod na lilipat sa account ay nasa lawak ng transaksyon sa currency exchange trading (remittance, settlements, at iba pa), at ang pondong hindi ginagamit para sa remittance, settlements, at iba pa, ay kailangang hindi naiimbak. Sa dahilang ito, ang lawak o range ng sahod kung saan nais ilipat ang pondo sa account ng fund transfer service provider at ang halaga (nais na halaga, at iba pa) ay kailangang ibatay sa aktuwal at inaasahang gamit ng manggagawa. Sa pagtakda sa nais na halaga, at iba pa, kung ang account balance limit (1,000,000 yen o pababa) na itinakda ng fund transfer service provider, at maximum payment amount para sa isang araw na itinakda ng itinakdang fund transfer service provider ay itinakda, kailangang gawin ang pagtakda ng halaga ayon sa sumusunod. Ang upper limit sa halaga ng pondo na maaaring tanggapin ng fund transfer service provider para sa pagbayad ng sahod ay 1,000,000 yen o pababa. Sa dahilang ito, kailangang iparehistro nang antimano ang pangalan ng financial institution o securities company kung saan gagawin ang remittance kapag lumampas ang halaga sa upper limit ng account para sa pagbayad ng sahod, pati ang pagrehistro ng account number. Kapag ang halaga ay lumampas sa upper limit, lilipat ng fund transfer service provider ang halaga sa isang pre-registered bank account, at iba pa, at sa pagkakataong ito ay maaaring ipataw ang remittance fee.

[3. Garantiya sa kaso ng pagkabangkarota ng fund transfer service provider]

Kapag ang bangko o financial institution ay nabangkarota, may takdang halaga ng deposito ang agad na napuprotektahan sa ilalim ng deposit insurance system base sa Deposit Insurance Act, subalit hindi ipinagkakaloob ang deposit insurance system sa kaso ng pagkabangkarota ang fund transfer service provider na may pahintulot sa pagbayad ng sahod. Sa kaso ng pagkabangkarota ang fund transfer service provider, isasagawa agad ang reimbursement o pagsauli sa buong halaga ng balanse ng account sa manggagawa base sa kontrata ng garantiya sa pagitan ng manggagawa at guarantee agency na may guarantee consignment contract sa fund transfer service provider.

[4. Kabayaran sa kaso ng mapanlinlang na withdrawal ng pondo mula sa account ng fund transfer service provider]

Kapag nagkaroon ng withdrawal ng pondo mula sa account ng fund transfer service provider na may pahintulot sa pagbayad ng sahod, sanhi ng mga dahilang hindi maiuugnay sa manggagawa, tulad ng pag-uutos mula sa isang indibidwal na walang pahintulot o awtoridad na labag sa kalooban ng manggagawa, ipagkakaloob ang buong kabayaran o compensation sa kawalan kapag ang pangyayari ay hindi kasalanan ng manggagawa. Bukod pa rito, kahit na ang pagkakamali ay nasa manggagawa, hindi ito ituturing na hindi paggawa ng pantay o uniform compensation para sa kawalan, at kahit papaano ay pangangasiwaan bilang individual cases. Subalit, hindi ito ipinapatupad sa kaso ng refunds mula sa mga kamag-anak ng manggagawa, at iba pa, o sa mga kaso na kung saan ang manggagawa ay nagbigay ng mali o hindi totoong paliwanag sa fund transfer service provider. Kung ito ay isang rekisito para sa compensation ng fund transfer service provider kung saan kailangang ipaalam ng manggagawa sa fund transfer service provider sa loob ng itinakdang panahon mula sa date of loss o kawalan, kailangang siguruhin na ang panahong ito ay 30 araw mula sa petsa ng pagkakaroon ng kawalan.

[5. Mga claims o paghahabol kapag ang pondo sa account ng fund transfer service provider ay hindi nagamit sa takdang panahon]

Tungkol sa balanse ng account sa pondo ng fund transfer service provider na may pahintulot sa pagbayad ng sahod, kapag itinakda ng fund transfer service provider ang expiration date sa loob ng mga kondisyon sa paggamit, at iba pa, ang obligasyon ay maaaring tuparin sa 10 taon mula sa petsa na kung kailan may huling pagbabago sa balanse ng account.

[6. Liquidity ng pondo sa account ng fund transfer service provider]

Ang pondo sa account ng fund transfer service provider na may pahintulot sa pagbayad ng sahod ay inililipat sa pamamaraan na nagbibigay-daan sa pagtanggap ng pondo sa currency, tulad ng paggamit ng cash dispensers (CD) o automatic teller machines (ATM) at withdrawals sa savings account. Maaaring isagawa ang pag-withdraw ng pondo sa merchant account sa 1 yen units. Bukod pa rito, isang beses sa isang buwan ay maaaring mag-withdraw ang manggagawa mula sa account ng fund transfer service provider at walang ipapataw na singil o fees.

(Katapusan)